Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-14 NG PEBRERO, 2000, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 038-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 02-T'2000 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL NA KINAKANSELA ANG MGA PROYEKTONG "PURCHASE OF FIRE ARMS AND AMMUNITION" SA 20% PROGRAMANG PANGKAUNLARAN NG TAONG 1999 AT ANG PONDONG NAKALAAN DITO NA NAGKAKAHALAGA NG P425,000.00 AY INILILIWAT TUNGO SA MGA PROYEKTONG NAPAPALOOB SA "YOUTH WELFARE AND DEVELOPMENT PROGRAM" PARA SA TAONG 2000, GAYUNDIN AY INILILIWAT ANG NATURANG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG P146,750.00 SA "SCHOLARSHIP PROGRAM" SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG TAONG 1999 TUNGO SA MGA PROYEKTONG NAPAPALOOB SA "TOURISM PROGRAM" PARA SA TAONG 2000.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 02-T'2000 ng Municipal Development Council na kinakansela ang mga proyektong pinaglaanan ng 20% Pondong Pangkaunlaran nang taong 1999 at inililiwat ang mga inilaan at natirang pondo ng mga ito sa mga proyektong nakaprograma sa taong 2000 na ang partikular na paghahanay ng mga proyekto at halagang pinaglaanan at paglalaanan ng 20% pondong pangkaularan ay nakasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, isinagawa ang pamamaraang ito sa layunin ng nasabing konseho (MDC) na masunod ang DILG Memo Circular No. 99-66, maragdagan ang gastusin sa mga nakatakdang programa at proyekto at mapaglaanan ang mga nakatakdang programa sa taong ito tulad ng nakapaloob sa kapasiyahan ng nasabing konseho.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor, Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 02-T'2000 ng Municipal Development Council na kinakansela ang mga proyektong "Purchase of Firearms and Ammunition" sa 20% Pondong Pangkaunlaran ng taong 1999 at ang pondong nakalaan dito na nagkakahalaga ng P425,000.00 au inililiwat tungo sa mga proyektong napapaloob sa "Youth Welfare and Development Program" para sa taong 2000, gayundin ay inililiwat ang naturang pondong nagkakahalaga ng P146,750.00 sa "Scholarship Program" sa 20% Pondong Pangkaunlaran ng taong 1999 tungo sa mga proyektong napapaloob sa "Tourism Program" para sa taong 2000.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan